# Paglahok ng mga Lider Magsasaka sa Istruktura ng Pamamahala sa Lokal at Pambansang Antas: Mga Bunga at Hamon

**Aleli Bawagan, Ana Angela Cayabyab, Devralin Lagos, Victor Obedicen, Celeste Vallejos, at Reginald Vallejos**

## ABSTRAK

Nilalayong maipakita ng papel na ito ang bunga ng paglahok ng mga lider magsasaka na nahalal sa lokal at nasyunal na posisyon sa pamahalaan. Tinitingnan ng pag-aaral na ito ang mga bunga ng paglahok na ito sa apat na aspekto: 1) bilang lider, ang kanilang pananaw hinggil sa parlyamentaryong pakikibaka at ang ambag nito sa pagsulong ng kanilang adyendang pangkaunlaran; 2) mga benebisyong natatanggap ng kanilang mga samahan; 3) mga serbisyong naibahagi sa kanilang mga pamayanan; at, 4) kung papaanong higit nilang naisusulong ang adyendang pangkaunlaran ng kanilang sektor. Nais din ng pag-aaral na ito na ipakita ang mga mahahalagang aral at ambag sa teorya at praktika ng pagpapaunlad ng pamayanan (*community development*), pagpapaunlad ng pamumuno (*leadership development*), pag-oorganisa ng pamayanan (*community organizing*), at pamamahalang pang-pamayanan (*community governance and empowerment*).

Pinapakita ng atikulo ang kahalagahan ng pagsasapraktika ng mga katangian ng pagiging mapaggiit, mapanlahok, at pagkakaloob ng taos pusong serbisyo para sa mga mamamayan. Natutunan ito ng mga lider magsasaka sa kanilang mga samahan at patuloy na ginagamit ngayong sila ay nasa pamahalaan na. Pinapakita ng kanilang mga karanasan na ang mga samahan ng mga magsasaka ay mahusay na paraan upang sanayin ang mga mamamayan para maging lider ng pamahalaan sa hinaharap. Higit sa lahat, ipinakikita ng mga lider na ito na kapag sila ay nahalal sa pamahalaan, palagiang nasa isip nila ang kapakanan ng mga mamamayan. Aabutin ng kanilang tapat na paglilingkod ang lahat ng mamamayan kahit pa sila ay nakatira sa libilib pang mga pook ng ating bansa.

Mga susing salita: pamamahalang pangpamayanan, pamumuno, pagpapapunlad ng pamayanan, lider magsasaka

This paper aims to show the outcomes of participation of farmer leaders who were elected to local and national government positions. The paper will look at the outcomes in four aspects: 1) as leaders, their views on the parliamentary struggle and its contribution to their sectoral development; 2) benefits received by their people's organizations; 3) services received by their communities; and, 4) how they are able to advance the development agenda of their sector. This paper likewise aims to present the important lessons and contribution to theory and practice in community development, leadership development, community organizing and community governance and empowerment.

The paper shows the importance of the practice of various leadership traits such as assertiveness, being participatory, and providing dedicated and self-less service to the people. The farmer leaders learned these traits from their organizations and continue to practice it even if they are in government positions. Their experiences show that farmers organizations can be an effective training ground for government positions in the future. And lastly, the leaders proved that even if they have been elected to government, still foremost in their minds is the welfare of the people.

Keywords: community governance, leadership, community development, farmer leaders

## Panimula

Sentral na tungkulin ng pagpapaunlad ng pamayanan sa Pilipinas ang pagbubuo ng mga samahan (people's organization o PO) na nakakatulong sa mga mamamayan upang makakuha ng serbisyo mula sa mga ahensiya ng pamahalaan. Daluyan din ito ng mga panawagan para sa makabuluhang pagbabago ng lipunan. Kung kaya't binibigyang halaga ang pagpapataas ng kakayahan ng mga lider na nagmula sa batayang sektor katulad ng mga magsasaka. Sa pagdaan ng panahon, ang kakayahan ng mga lider magsasaka sa pag-oorganisa, negosasyon at adbokasiya ay napalakas sa pagdala nila ng kanilang adyendang pangkaularan, mga panukalang patakaran at iba pang mga hinaing sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan, hindi lamang sa antas ng lokal at nasyunal kundi maging sa larangang internasyunal. Sa pag-unlad ng gawaing pag-oorganisa, kinakailangang paunlarin din ang kakayahan ng mga lider mula sa pagiging miyembro ng samahan upang humalili sa mga lider na nahahalal sa mas mataas na antas, halimbawa mga lider sa antas munisipal na samahan ay mahalal bilang mga lider sa pambansang antas.

Matagal ng nakikipaglaban para sa repormang agraryo ang mga samahan ng mga magsasaka sa Pilipinas (Banzuela; CCS; KMP; Manalili; Vallejos & Vallejos). Naranasan na din nilang bumuo ng mga koalisyon sa iba pang mga samahan ng mga magsasaka katulad na lamang nang maitayo ang Congress for a People's Agrarian Reform (CPAR). Maraming mga aral ang naging bunga ng ganitong karanasan, higit lalo dahil ito ay isa sa mga naunang malapad na koalisyong naglunsad ng pambansang kampanya para sa People's Comprehensive Agrarian Reform Code o PARCODE (Razon-Abad). Nakikipag-alyansa din ang mga samahan sa iba pang sektoral na samahan, katulad na lamang ng sila ay lumahok sa mga pambansang kilos protesta laban sa diktaduryang Marcos, pagtaas ng presyo ng langis at militarisasyon sa kanayunan noong dekada 70 at 80. Dahil sa kanilang paglahok, ang ibang mga lider magsasaka ay inaresto at ang iba ay napatay sa kasagsagan ng kanilang mga kilos-protesta. Sa kabila nito, hindi pinanghinaan ng loob ang mga magsasaka. Ang kanilang mga samahan ay lumahok sa pambansang pagkilos upang patalsikin ang Pangulong Marcos noong 1986 People Power Movement.

Isang kagyat na pagbabago pagkatapos ng pagpatalsik ng dating Pangulong Marcos ay ang pagbubuo ng 1987 Philippine Constitution. Ito at ang 1991 Local Government Code ay nagbukas ng pagkakataon sa mga samahan upang makalahok sa istraktura ng pamamahala sa pamahalaan, isang halimbawa na dito ang paglahok sa halalan sa pamamagitan ng sistemang partylist sa Kongreso. Tangan ang kanilang mga angking kakayahan at hinubog na karanasan, ang mga lider magsasaka ay handang sumuong sa bagong larangan na ito ng pakikibaka at lumahok sa proseso ng halalan. Nakita nila ang kahalagahan ng ganitong pagkakataon upang mas malawak na maisulong ang kanilang adyendang pangkaunlaran. Ang ilan sa mga lider magsasaka ay tumakbo sa pambansang antas sa sistemang partylist, habang ang iba naman ay tumakbo sa pamahalaang lokal at nanalo bilang mga kapitan at kagawad ng barangay at konsehal ng bayan. Sa kanilang paglahok bilang halal na opisyal ng pamahalaan, tangan nila ang paraan ng pamumuno na natutunan nila sa kanilang mga samahan, pamumunong alinsunod sa pagiging bukas *(transparency)* at may pananagutan *(accountability)*.

Bagamat maraming mga tala ang nagsasaad ng mga tagumpay ng sama-samang pagkilos at pagtatayo ng mga samahan ng mga magsasaka, kakaunti naman ang mga literatura na nagpapakita ng tagumpay na nakamit ng mga lider na lumahok sa larangan ng elektoral na pakikibaka. Layon ng pananaliksik na ito na maipakita at matukoy ang mga ibinungang tagumpay ng paglahok ng mga lider sa pamamahalang lokal at pambansa sa apat na aspekto: sa indibidwal na antas bilang lider, higit lalo sa kanilang pagtingin sa parlyamentaryong pakikibaka at ang ambag nito sa pagsulong ng kanilang adyendang pangkaunlaran; mga benepisyong natanggap ng kanilang mga samahan; mga serbisyong ipinagkaloob nila sa kanilang mga komunidad; at, kung papaanong naisulong ang adyendang pangkaunlaran ng kanilang sektor. Dagdag pa, maaaring makapag ambag ng aral at pagtingin na magagamit sa pag-aaral ng pagpapaunlad ng pamayanan.

Ginamit ng pag-aaral ang pamamaraang case study sa pakikipagpanayam sa mga piling lider magsasaka. Sa pambansang antas, isang kinatawan mula sa partylist na kumakatawan sa mga lider-magsasaka ang kinapanayam. Sa antas lokal, tatlong lider magsasaka na nakaupo bilang mga halal na opisyal ng lokal na pamahalaan ang kinapanayam. Nakatuon lamang ang pag-aaral na ito sa mga nahalal mula noong pambansang eleksiyon ng 2001 kung saan ito ang taong nagsimulang lumahok sa halalang pang parylist ang mga pambansang samahan.

Nilalaman ng papel na ito ang sumusunod na seksiyon: konteksto ng pag-aaral; konseptwal na balangkas; maikling pagkilala sa mga lider; kanilang paglahok sa prosesong elektoral; mga bunga ng kanilang pakikilahok sa lokal at pambansang antas ng pamamahala; at, mga aral para sa pag-oorganisa ng pamayanan at pagpapaunlad ng pamayanan.

## Konteksto ng Pag-aaral

Maliban sa pagbabalik ng demokrasya sa bansa, isa sa mga naging bunga ng EDSA People Power Revolution (EDSA 1) laban sa Diktaduryang Marcos ay ang pagtanggap sa mahalagang papel ng mga mamamayan sa paghubog ng demokrasya na nagbunga ng mga mahalagang pagbabago sa larangang pampulitika. Ang mga konsepto ng *people power, people empowerment*, at, *people's participation* ang ilan sa naging inspirasyon ng mga indibidwal na gumawa ng bagong Saligang Batas. Noong taong 2012, ipinagdiwang sa Pilipinas ang ika-25 taong anibersaryo ng Saligang Batas ng 1987. Kaiba ang saligang batas na ito mula sa kanyang mga sinundan sapagkat kinikilala nito ang mahalagang papel ng mga samahang pribado (non-government organization o NGO) at samahang masa sa pagsusulong ng pambansang kaunlaran. Makikita ito sa mga sumusunod na seksiyon ng Saligang Batas:

> *Art 2, Sec.23: The State shall encourage non-governmental, community-based, or sectoral organizations that promote the welfare of the nation;*
>
> *Art 13, Sec. 15: The State shall respect the role of independent people's organizations to enable the people to pursue and protect, within the democratic framework, their legitimate and collective interests and aspirations through peaceful and lawful means. People's organizations are bona fide associations of citizens with demonstrated capacity to promote the public interest and with identifiable leadership, membership, and structure.*
>
> *Art 13, Sec. 16: The right of the people and their organizations to effective and reasonable participation at all levels of social, political, and economic decision-making shall not be abridged. The State shall, by law, facilitate the establishment of adequate consultation mechanisms.*

Ang Saligang Batas ng 1987 din ang nagpakilala sa sistemang partylist, kung saan ang mga mahihirap na sektor ng ating lipunan ay maaaring lumahok sa halalan. May nakalaang mga bilang ng upuan sa Mababang Kapulungan sa Kongreso para sa mga sektor na ito. Mahalaga ang naging papel ng sistemang ito dahil nagbukas ito ng pagkakataon sa mga progresibong samahan, maging ng mga NGO, na lumahok at makisangkot sa pamamahala sa bansa.

Nakasaad sa Artikulo VI Seksiyon 5(2) ng Saligang Batas ng 1987:

> *The party-list representatives shall constitute twenty-percentum of the total number of representatives including those under the party-list. For three consecutive terms after the ratification of this Constitution, one half of the seats allocated to the party-list representatives shall be filled as provided by law, by selection or election from the labor, peasant, urban poor, indigenous cultural communities, women, youth, and such other sectors as maybe provided by law except the religions sector.*

Taong 1998 unang naghalal ng mga kinatawan mula sa partylist sa Kongreso. Mula noon, ang mga mahihirap na sektor ng lipunan ay nagkaroon ng pagkakataon upang mahalal ang isa sa kanilang mga kinatawan na magdadala sa mababang kapulungan ng kanilang mga hinaing (CenPEG 47).

Mula noong 1987 hanggang sa kasalukuyan, maraming mga batas ang ipinanukala upang palakasin at palawakin ang papel ng mga mamamayan at ng kanilang mga samahan. Isa sa mga ito ay ang Republic Act 7160 o ang 1991 Local Government Code (LGC), kung saan nagkaroon ng otonomiya ang mga lokal na pamahalaan alinsunod sa desentralisasyon at debolusyon ng kapangyarihan ng pambansang pamahalaan. Nagbigay daan ito sa paglahok ng mga indibidwal bilang mga kasapi at kinatawan ng kanilang mga samahan at NGO sa mga gawain ng lokal na pamahalaan, ayon sa nakasaad sa LGC:

> *Section 34. Role of People's and Non-governmental Organization – Local government units shall promote the establishment and operation of people's and non-governmental organizations to become active partners in the pursuit of local autonomy.*

Pinahalagahan ng LGC ang relasyon at tungkulin ng mga PO at NGO sa lokal na pamamahala. Kinilala sila bilang mga katuwang ng mga LGU sa pagpapaunlad ng mga komunidad.

Pinagtibay at pinalakas ng parehong 1987 Constitution at ng 1991 LGC ang kahalagahan ng paglahok at pakikipagtulungan ng mga PO at NGO sa mga gawain ng pamahalaan antas lokal o pambansa man. Ang pagbubukas ng oportunidad na ito ay malugod na tinanggap ng mga samahan. Gamit ang kanilang karanasan sa pamamahala at pagsusulong ng adyendang pangkaunlaran ng kanilang sektor napataas nila ang kanilang kakayahan sa prosesong electoral.


## Konseptwal na Balangkas

Ang pagpapaunlad ng pamayanan ay may tatlong mahahalagang larangan – pag-oorganisa ng pamayanan, edukasyong pampamayanan at pangangasiwa ng mga rekurso ng pamayanan – na nakasalalay sa prinsipyo ng paglahok ng mamamayan, pagkapantay-pantay ayon sa kasarian at maayos na pamumuhay (Luna, Ferrer, Tan, Dela Cruz, Bawagan, Magcuro & Torres). Sentral na salik pa rin sa pagpapatupad ng pagpapaunlad ng pamayanan ang pag-oorganisa ng pamayanan. Nabuo ang mga samahan kung saan ang kanilang mga kasapi ay may kakayahang magsuri sa kanilang kongkretong kalagayan, makagawa ng mga tunguhing pangkaunlaran, at magpatupad ng mga proyektong naglalayong baguhin ang kanilang kasalukuyang kalagayan. Ang mga pinuno at mga kasapi ay patuloy na naghuhubog at nagsasanay upang pataasin ang kanilang kakayahan sa pamumuno, paggawa at pamamahala ng mga proyekto, at adbokasiya. Isinusulong nila ang kanilang adyendang pangkaunlaran sa lehislatura, ehekutibo at sa iba't ibang sangay ng pamahalaan sa pamamagitan ng mga dayalogo o kilos-protesta. Sa pagdaan ng panahon, nahubog na ang mga lider bilang mga mahuhusay na tagapag-salita, namamahala ng mga proyekto, nagsusuri ng mga patakaran at programa mula sa pamahalaan.

Sa kabilang banda, ang pamamahala o governance ay nangangahulugang *"working and dealing with citizens who comprise the local constituency and coordinating the more effective use of resources for the common good"* (Batario, Sevilla-Alvarez & Perfecto 20). Ang tradisyunal na pananaw ay para lamang ito sa mga pulitiko. Ngunit, dahil sa

1987 Saligang Batas at 1991 LGC, nagamit ng mga samahan ang larangang ito upang isulong ang kanilang mga adyendang pangkaunlaran. Nakibahagi ang mga samahan sa pamamahala sa pamayanan (*community governance*) bilang isang pamamaraan ng adbokasiya. Sila ay nakasama sa ilang mahahalagang bahagi ng pamamahala katulad na lamang ng pagpaplano, paggawa ng mga panukala at polisiya, pagba-badyet, pagpapatupad ng mga programa, pag-monitor, at pagtatasa. Ang pamayanan at ang paglahok ng mga mamamayan ay naging napakahalagang elemento ng pamamahalang pampamayanan *(community governance)*, maliban sa *community leadership, community empowerment at community ownership* (Ferrer).

Sa pakikibahagi ng mga lider mula sa mga samahan sa lokal at pambansang antas ng pamamahala at ang patuloy nilang adbokasiya para sa kanilang adyendang pangkaunlaran, nadala nila sa kanilang panunungkulan ang mga pagpapahalaga na kanilang natutunan sa kanilang matagal ng karanasan sa mga gawain sa pag-oorganisang pampamayanan katulad na lamang ng pagiging bukas at may pananagutan). Tinitingnan ng pananaliksik na ito na ang karanasan ng mga lider sa adbokasiya gamit ang mga pagpapahalagang nabanggit ay may malaking epekto sa lokal at pambansang na antas ng pamamahala. Kaalinsabay nito, nagdadala din ito ng positibo at negatibong benepisyo sa kanilang mga samahan, pamayanan, at sa adyendang pangkaunlaran ng kanilang mga sektor. Maipapakita ang konseptuwal na balangkas sa Pigura 1.




**Pigura 1** ***Ilustrasyon ng Konseptuwal na Balangkas***

Ang mga datos na nakalap ay sinuri sa pamamagitan ng mga sumusunod na aspekto: paglalarawan ng pamilyang pinagmulan ng lider; katungkulan ng lider sa samahang pangmagsasaka bago pa siya pumasok sa elektoral na larangan; karanasan sa prosesong elektoral; bentaheng nakamit matapos mahalal sa katungkulan, partikular ay ang mga benepisyong nakamit ng mga pamayanan at ng kanilang samahan; paano nila pinatatampok ang adyendang pangkaunlaran ng kanilang sektor; at ang kanilang repleksiyon sa kabuuan ng kanilang karanasan, higit lalo sa mga aral na natutunan at ang kaugnayan nito sa pagitan ng pagpapaunlad ng pamayanan (*community development*) at pamamahalang pampamayanan (*community governance*).

## Paglalarawan ng mga Lider ng Samahang Magsasaka

Ang pananaliksik na ito ay may case study ng apat na lider mula sa samahan ng mga magsasaka na nakabase sa Luzon. Sila ay nahalal sa iba't-ibang katungkulan sa gobyerno. Lahat ng mga lider ay nagbigay ng permiso sa mga mananaliksik upang magamit ang kanilang buong pangalan. Ang kanilang mga pangalan, kasarian, edad, organisasyong kinabibilangan, posisyong natamo sa halalan at kanilang lokalidad ay makikita sa Talaan 1.

**Talaan 1:** ***Mga Tumugon sa Pananaliksik***

| Pangalan / Kasarian / Edad | Organisasyon | Posisyon | Lokalidad |
|---|---|---|---|
| Rafael 'Ka Paeng' Mariano / L / 56 | Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) | Kinatawan ng Anakpawis sa Kongreso | Nasyunal (party list) |
| Herberto "Konsehal Bet" Holgado / L / 49 | Samahan ng Magsasaka sa Batangas (SAMBAT) | Konsehal ng Munisipyo | Lemery, Batangas |
| "Nanay Miriam" Villanueva / B / 40 | Kalipunan ng mga Samahang Magsasaka sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) | Barangay Kagawad | Bgy.Langkaan, Dasmariñas, Cavite |
| "Kagawad Paul" Mallari / L / 41 | Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) | Barangay Kagawad | Bgy. Balete, Tarlac City |

Sa apat na tumugon sa pananaliksik na ito, tatlo ang lalaki at isa lamang ang babae. Sila ay mula 41 hanggang 56 taong gulang. Lahat sila ay nakaranas ng kahirapan habang lumalaki sa pamilyang nagsasaka. Noong sila ay bata pa, nakakatulong na sila sa mga gawaing bahay at gawain sa sakahan. Pinahahalagahan ng kanilang mga magulang ang edukasyon kung kaya sinuportahan sila upang makapag-aral. Si Kagawad Paul ay umabot sa ika-apat na taon sa mataas na paaralan. Si Konsehal Bet naman ay nakatapos ng Civil Engineering mula sa Far Eastern University (FEU). Maliban kay Konsehal Bet, may dalawa pang lider ang nakaabot hanggang Kolehiyo – Si Ka Paeng ay kumuha

ng Bachelor of Science in Agriculture and Agri-cooperatives, at si Nanay Miriam ay kumuha naman ng BS Industrial Engineering. Suportado din sila ng ibang kapamilya sa kanilang edukasyon, katulad na lamang ng tiyahin ni Konsehal Bet na tinulungan siyang makatapos sa kolehiyo. Ang ibang mga lider ay sumubok ding kumuha ng scholarship ng pumasok sa kolehiyo. Ngunit, si Kagawad Paul at Ka Paeng ay parehong huminto sa pag-aaral nang magkasakit ang kanilang mga ama.

Bilang mga kabataan, inspirasyon ng mga lider ang kanilang mga magulang kung saan nila natutunan ang walang pasubaling paglilingkod sa mga nangangailangang miyembro ng kanilang pamayanan. Nasaksihan ni Konsehal Bet kung paanong ang kanyang ama na karpintero ay tumutulong sa paggawa ng mga bahay ng kanilang mga kapitbahay. Naalala ni Ka Paeng kung paanong ang kanyang ina ay nilalapitan ng kanilang mga kababayan para sa iba't ibang karaingan. Kaya naman lumaki silang nakikisalimuha sa iba't ibang uri ng mga mamamayan na pumupunta sa kanilang tahanan. Pinahalagahan naman ni Nanay Miriam ang pagpapakahirap at sakripisyo ng kanyang ina upang maitawid ang kanilang pamilya, ganoon din ang pagiging bahagi niya sa kilusan ng mga magsasaka na ipinakikipaglaban ang kanilang mga karapatan.

Lahat ng mga lider na ito ay naging aktibo na sa mga gawaing pampamayanan sa kanilang murang edad pa lamang. Naging aktibo na sila sa mga samahan at mga gawain sa paaralan. Ang ibang lider ay naimpluwensiyahan ng mga samahan at simbahan. Si Nanay Miriam, sa edad na 15 taong gulang, ay naging kalihim na ng Damayang Adhikain Tungo sa Umaga, isang grupong sumusuporta sa mga magsasaka. Di naglaon, kusang loob niyang ipinagkaloob ang kanyang serbisyo sa Social Action Center ng isang Simbahang Katoliko sa Cavite. Naalala niya na sila ay nagkaroon ng isang programa para sa pamamahagi ng mga hayop sa mga sakahang pampamayanan. Si Konsehal Bet naman ay naging kasapi ng *League of Filipino Students* (LFS) at naging aktibo sa kampanya para sa mga karapatan ng mga kabataang estudyante. Si Ka Paeng ay kasapi ng Bisig ng Kabataan, isang lokal na samahan ng mga kabataang nagtataguyod ng karapatan ng mga magsasaka.

Sa kanilang paglubog at pakikisangkot sa mga samahang ito, lalong namulat ang kanilang mga kaisipan sa karaingan ng kanilang sektor. Ayon kay Ka Paeng, *"Nakita ko kung gaano pinagsasamantalahan ang mga magsasaka. Labis kaming nagpapakahirap sa pagsasaka ngunit sa halip na kaunlaran ay sinuklian pa ito ng labis na kahirapan. Unti-unti kong nakita ang ugat ng pagsasamantala at pang-aapi at kung ano ang bulok sa sistema".*

## Paghubog sa Pamumuno

Sa kanilang pagsali sa iba't ibang samahan, unti-unting nahubog ang kanilang kakayahan sa lahukang pamumuno, sa pamamagitan ng iba't ibang pagsasanay. Si Nanay Miriam ay nakadalo sa isang pagsasanay sa pag-oorganisa ng pamayanan na inilunsad sa Unibersidad ng Pilipinas. Si Konsehal Bet naman ay nahubog ang kakayahan sa kanyang aktibong paglahok sa LFS samantalang si Ka Paeng ay napanday at napatibay ang kanyang kakayahan sa mga samahan ng mga magsasaka.

Bago pa man sila maging mga pinuno ng kani-kanilang mga samahan, sila ay mga aktibong kasapi na ng mga samahan o mga organisador na ng kanilang mga pamayanan at sektor. Si Kagawad Paul ay miyembro din ng unyon ng Luisita Golf and Country Club. Si Nanay Miriam, Ka Paeng at Konsehal Bet ay mga organisador at taga-sanay sa mga sakahang pampamayanan sa Gitnang Luzon at Timog Katagalugan.

Nakita at kinilala ng mga kasapi ng kanilang mga samahan ang kanilang potensiyal bilang mga lider kaya naman sila ay nahalal bilang mga opisyal ng samahan. Si Konsehal Bet ay naging pangkalahatang kalihim ng SAMBAT (Samahan ng Magsasaka sa Batangas) noong 1984 sa edad na 21 taong gulang. Sa edad na 28 taong gulang, nahalal si Ka Paeng bilang Pangalawang Taga-Pangulong Pang-Rehiyon ng AMGL (Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon) noong 1984. Sa sumunod na taon, nahalal si Ka Paeng bilang isa sa mga Pambansang Lider ng KMP (Kilusang Magbubukid ng Pilipinas), isang pambansang pederasyon ng mga samahan ng mga magsasaka. Nanguna sila sa mga pagpukaw, pag-oorganisa at pagkilos para sa mga usaping pangmagsasaka sa mga probinsiya at maging sa buong bansa.

Bilang mga lider ng iba't ibang samahan, nahubog nila ang kanilang kakayahan sa pag-oorganisa, pakikipag-kaisa, gawaing alyansa, pakikipagnegosasyon, at pagresolba ng mga di pagkakaunawaan. Nakipag-kaisa din sila sa iba pang mga sektoral na samahan, tulad ng sektor sa paggawa, mga propesyunal, sektor ng mga taong-simbahan, at maging sa mga proresibong samahan sa labas ng bansa. Mataas ang kanilang pagpapahalaga sa mga prinsipyo ng katarungang panlipunan, demokrasya, pakikilahok, at pagsasakapangyarihan ng mga mamamayan. Sa kanilang aktibong paglahok sa mga samahan, naranasan nila ang iba't ibang tipo ng pandarahas lalo na sa mga kilos-protestang kanilang inilulunsad katulad na lamang ng pagbomba sa kanila ng mga tubig mula sa mga trak ng bumbero. Sa kabila nito, hindi sila pinaghinaan ng loob bagkus ay nagpatuloy sila sa kanilang pakikibaka na may pag-asa para sa tugumpay sa hinaharap.

## Pagsulong sa Prosesong Elektoral

Batay sa kanilang mga karanasan, nakita na nila na maraming pagbabago ang kailangan mangyari upang makatugon sa tunay na kalagayan ng mga mamamayan. Ayon kay Nanay Miriam, mula pa noong kabataan niya, siya ay kinakailangang lumusong sa ilog upang makapasok sa paaralan. Walang tulay na nagdudugtong ng sitio Lupaing Ramos at ng pangunahing kalsada papunta sa paaralan. Pangarap niyang huwag na maranasan ng mga kabataan sa kanilang sityo ang kaniyang naranasan. Nais naman ni Konsehal Bet na magamit ang posisyon sa pamahalaan upang higit pang isulong ang interes ng mga magsasaka.

Ang pagpasok naman ni Ka Paeng sa prosesong elektoral ay bunga ng kapasyahan ng Anakpawis partylist na tumakbo sa halalan noong eleksiyon 2004. Noong 2001, ang Bayan Muna, isang pambansang partylist na binubuo ng iba't-ibang samahang masa ay nagpulong kung saan tinasa ang posibilidad ng paglahok sa halalan sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng kinatawan ng partylist. Bagamat limitado lamang ang magagawa sa kasalukuyang sitwasyon ng pamamahala sa bansa, nakita nila na maaari nilang dalhin sa loob ng kongreso ang interes at kapakanan ng mga inaapi't pinagsasamantalahang sektor ng lipunan. Kaalinsabay nito ay ang pagsisiwalat ng mga kahinaan at anomalya sa pamahalaan. Nagawang makapag-paupo ng Bayan Muna ng tatlong kinatawan sa kongreso noong 2001. Dahil sa tagumpay na ito, ang iba pang mga kasaping samahan ng Bayan Muna, partikular ang Anakpawis at Gabriela, ay nagpasya na magpatakbo ng sarili nilang mga kandidato sa partylist sa halalang 2004. Ang kanilang kapasyahan ay may pangunahing layunin na isulong ang adbokasiya at interes ng kanilang sektor sa pambansang antas sa loob ng kongreso.

Lahat ng mga kinapanayam para sa pananaliksik na ito ay humingi ng pahintulot at basbas sa kani-kanilang mga samahan bago sila tumakbo sa halalan. Hindi lamang basbas ang binigay ng samahan; sila mismo ang naging pangunahing makinarya sa paglulunsad ng kandidatura ng mga lider. Ang kanilang mga pamilya, kamag-anak, kaibigan, kapit-bayan at mga kakilala ay nagbigay din ng suportang moral, teknikal at pinansiyal. Ang mga lider na ito ay gumamit ng mga simpleng materyales sa kanilang pangangampanya, katulad na lamang ng mga lumang sako, poster at tarpaulin kung saan nila inilagay ang kanilang mga islogan. Si Konsehal Bet ay ginamit ang letra ng kanyang pangalan bilang kanyang campaign islogan, *"Bahay, Edukasyon, Trabaho"*. Ang islogan na ito ay isinulat sa isang lumang sako at ikinabit sa mga tricycle na bumabiyahe sa mga barangay ng Lemery, Batangas. Ang islogan naman ni Nanay Miriam ay *"Tinig ng Kababaihan, Tinig ng Mamamayan".*

Hindi sila nahirapan sa pangangampanya dahil sanay sila sa gawaing pag-oorganisa at pagsasanay. Sila ay nagbahay-bahay upang ipaliwanag sa mga mamamayan ang kanilang mga plataporma at paraan ng pagkilos upang makamit ang mga ito. Hindi nila alintana magpunta sa mga liblib na lugar ng mga barangay at probinsiya upang maabot ang mga mamamayang malayo sa mga sentrong lungsod. Ibinahagi ni Konsehal Bet na noong panahon ng pangangampanya, ipinapaliwanag niya ang mga usaping kinakaharap ng bawat pamayanan at kung ano ang kanyang mga panukala upang masolusyunan ang mga ito. Ang kanyang mga talumpati ay lapat sa tunay na kalagayan ng mga pamayanan kaya naman mas pinahahalagahan ng mga mamamayan ang kanyang sinasabi kumpara sa ibang mga kandidato na halos pare-pareho lamang ang sinasabi saan man sila magpunta.

Dalawa sa mga lider ay tumakbong independiyenteng kandidato. Si Ka Paeng ay tumakbo bilang kinatawan ng Anakpawis Partylist. Si Konsehal Bet naman ay inimbitahan upang pumaloob sa partidong Lakas-Kampi sa kanilang probinsiya.

Tatlo sa apat na lider ay nanalo sa unang sabak pa lamang ng pagtakbo sa puwesto. Samantalang si Konsehal Bet ay naranasang matalo muna noong 2001 at 2007, at nanalo lamang noong eleksiyon ng 2010.

## Kinahinatnan sa Pamayanan

Ano ang nakamit ng mga lider habang sila ay nakaupo sa kani-kaniyang puwesto sa pamahalaan? Pangunahing tagumpay para sa kanila ay ang kakayahang makapagbigay ng mga batayang serbisyong panlipunan at pang-imprastraktura para sa kanilang mga nasasakupan. Totoo sa kanyang mga sinabi noong kampanya, ang unang proyekto na pinangunahan ni Nanay Miriam ay ang pagpapatayo ng kongkretong tulay na nag-uugnay sa kanilang sityo patungo sa pangunahing kalsada ng barangay. Ngayon, hindi na kailangang lumusong ng mga mag-aaral sa ilog tuwing sila ay papasok sa paaralan. Tumulong din siya sa pagpapatayo ng tangke ng tubig upang hindi na malayuan ang mga tao sa pag-igib ng tubig. Si Kagawad Paul ay naglaan ng pondo para sa bomba ng tubig na magagamit para sa irigasyon.

Na-organisa naman ni Konsehal Bet ang pamilihang bayan ng Lemery at namagitan sa maliliit at malalaking manininda ng karne sa palengke upang maiwasan ang di pagkakaunawaan. Itinatag din niya ang isang sentro pang-OFW *(overseas Filipino workers*) upang magkaloob ng serbisyo sa mga pamilyang OFW sa kanilang bayan. Tinutulungan ni Konsehal Bet ang kaniyang mga nasasakupan na lumapit sa iba't-ibang opisina ng pamahalaan maging sa mga pampribadong institusyon na makatulong sa kanilang mga pangangailangan. May mga pagkakataong hindi alam o kaya naman ay nahihiyang pumunta sa mga opisinang ito ang mga mahihirap na mamamayan. Sinasamahan din ni Nanay Miriam ang mga tao sa pagpunta sa mga opisina na nangangasiwa sa kuryente at tubig; kahit ang kanyang natatanggap na *honorarium* ay nagagamit bilang pamasahe sa pagsama-sama sa kanila.

Si Ka Paeng, sa pamamagitan ng Anakpawis partylist, ay nakatulong sa pagpapagawa ng mga proyektong makakatulong sa mga magsasaka at lugar sakahan katulad na lamang ng mga patubig, solar dryers, at imprastruktura para sa pagkontrol ng baha. Ginamit din niya ang kanyang pondo sa pagpapagawa ng mga multi-purpose hall at paaralan, maging sa pagsasagawa ng mga relief operation at medical / dental mission. Naglaan din siya ng pondo sa mga pampublikong pagamutan na maaaring gamitin ng mga maralitang nangangailangan ng serbisyong medikal. Sinusuportahan din niya ang isang scholarship program para sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na mga mag-aaral mula sa sektor ng magsasaka.

Halos karamihan ng kinahinatnan ay tumutukoy sa mga batayang serbisyong pang lipunan at pang-imprastraktura na kailangan ng mga mamamayan, lalo na doon sa mga nakatira sa liblib na bahagi ng mga kanayunan na hindi naaabot ng mga nasabing serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay lubusang pinahahalagahan ng mga mamamayan. Malaki ang

pasasalamat nila sa mga lider na naisakatuparan ang pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan at pang-imprastraktura na matagal na nilang inaasam. Tanong nga nila, "Bakit inaabot ng maraming taon bago magawa ang tulay? Bakit hindi ito kayang gawin ng ibang mga pulitiko? Mahilig lamang silang mangako. Kung hindi pa dahil kay Nanay Miriam, hanggang ngayon ay tumatawid pa rin ang mga bata sa ilog na kung minsan ay mapanganib sa kanila lalo na kapag tumataas ito."

## Kinahinantan para sa kanilang mga Samahan

Lahat ng mga lider ay nagbanggit ng positibong kinahinatnan para sa kani-kanilang mga samahan. Pangunahin na dito ang mabilis na pagtaas ng bilang ng kasapi. Nakilala din ng mga mamamayan ang kanilang mga samahan at ang kanilang mga pagsisikap upang tugunan ang mga daing ng pamayanan at ng sektor. Maliban sa pagdami ng kasapi, napalawak din nila ang kanilang mga eryang kinikilusan. Nakapagpasulpot din sila ng mga bagong alyado at mga network.

Ayon kay Nanay Miriam naranasan niyang *"mas madulas at malawak na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga tao".* Na-organisa nila at napalakas ang SUMAMAKA-LR (Samahan Ugnayan ng mga Manggagawang Bukid at Magsasakang Kababaihan sa Lupaing Ramos) at KASAMA-LR (Kalipunan ng mga Samahan ng Magsasaka) sa kanilang komunidad. Pareho itong mga samahang nakikipaglaban para sa pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo.

Si Konsehal Bet naman ay nagpatupad ng proyekto tulad ng organikong pagsasaka at paggawa ng organikong pataba. Nakapagbigay din ng trabaho ang ilang mga ahensiyang sumuporta kay Konsehal Bet. Dahil siya ay nasa loob ng konseho sa munisipyo, nabibigyang proteksiyon laban sa karahasan ang samahan ng magsasaka na patuloy ang pag-oorganisa at pag-protesta.

Ibinahagi naman ni Kagawad Paul na ang kanilang mga kasapi sa samahan ay lalong lumakas ang loob na ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa lalo na at alam nilang may masasandigan sila sa loob ng konseho sa kanilang barangay. Maliban kay Kagawad Paul mayroon pang dalawang kagawad na sumusuporta sa kanilang mga ipinaglalaban.

## Kinahinatnang may kinalaman sa Adyendang Pangkaunlaran ng kanilang Sektor

Nabanggit ng lahat ng mga lider na pangunahin sa kanilang adyenda habang sila ay nakaupo sa pamahalaan ay ipatampok at ipaglaban ang mga isyu at karaingan ng inaaping sektor ng ating lipunan, katulad ng mga magsasaka, mangingisda, maralitang taga-lungsod at kababaihan. Ang kanilang mga adyendang pangkaunlaran ay nabuo sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga mamamayan.

Kahit bilang kagawad, patuloy pa rin ang suporta ni Nanay Miriam sa SUMAMA-KA sa Lupaing Ramos. Nagpatuloy sa pagsasaka sa kanilang mga lupain ang mga magsasaka sa kabila ng bantang pagpapalayas sa kanila. Ang mga miyembro ay nahikayat na bungkalin ang kanilang mga lupain dahil sa suporta ng samahan at ng iba pang mga sektor katulad ng mga kabataang-estudyante at mga propesyunal na palagiang nakikipamuhay at bumibisita sa Lupaing Ramos.

Sa pambansang antas naman, maraming mga panukalang batas ang inihapag ni Ka Paeng na naglalaman ng pangunahing adyendang pangkaularan ng mga inaaping sektor ng lipunan. Kabilang na dito ang: Genuine Agrarian Reform Bill; PhP 125.00 across the board dagdag na sahod; Rice Industry Development Act of 2010; at, isang panukalang batas na magbibigay ng seguridad sa pagmamay-aring lupa ng mga magsasaka. Maraming mga maka-mamamayan, maka-mahirap at progresibong kinatawan sa Kongreso ang sumusuporta sa mga panukalang ito kahit ang mga ito ay bumabangga sa personal na interes ng ilan pang mga kinatawan sa Kongreso. Tanggap nilang mahirap maisabatas ang mga panukalang ito ngunit hindi sila nababahala, sapagkat alam nila na ito ang kailangan ng mga mamamayan upang magkaroon ng tunay na pagbabago sa kanilang kalagayan at pamumuhay. Nakikita ni Ka Paeng na isang bentahe ang pagkakaroon ng representasyon sa kongreso upang isulong ang interes at kapakanan ng mga mamamayan. Dagdag niya, *"Nasusubok at naisasakongreto natin sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga panukalang batas ang mga alternatibong solusyon sa problema ng mamamayan. Nagiging tungtungan ng mga isinusulong nating panukalang batas ang mga lehitimo at makatwirang panawagan ng mga mamamayan".*

Sa pakikipag-ugnayan sa iba pang mga progresibong samahan at o indibidwal ay naisusulong ang pangkalahatang adyenda ng mga mamamayan sa usaping pangkabuhayan, pulitikal, at kultural. Ang posisyon sa pambansang antas ay nakakatulong upang lalong magsasaliksik para ilantad ang mga katiwalian sa mga ahensya ng pamahalaan.

Tinitiyak naman ng iba pang mga lider na palagi nilang dala ang pangkaunlarang adyenda ng kanilang sektor anumang mga kumite ang matalaga sa kanila. Si Kagawad Paul ay pinangungunahan ang Komite sa Agrikultura. Siya din ang tagapangulo ng *Nagkakaisang Kagawad sa Hacienda Luisita*, kung saan kasapi ang 33 mula sa 49 na mga kagawad.

Si Nanay Miriam ay unang naitalaga sa Komite sa Edukasyon. Pinasimulan niya ang Alternative Learning Systems na programa ng Departmento ng Edukasyon upang mag-silbi sa mga kabataang hindi nag-aaral at mga matatandang hindi nakapag-aral. Nakikibahagi din siya sa mga pagpupulong ng mga guro at magulang sa Langkaan Elementary School upang ipaalam ang kanyang mga mungkahi para sa higit pang pag-papaunlad sa edukasyon. Di nagtagal, siya ay itinalaga sa Komite sa Pantaong Karapatan, kung saan ang mga karaingan ay malapit sa kanyang puso. Naglunsad siya ng talakayan hinggil sa karapatang pantao na dinaluhan ng maraming mga mamamayan ng kanilang barangay. Natutunan nila mula sa talakayang ito ang kanilang mga batayang karapatan at kung ano ang kanilang maaaring gawin kapag nilabag ang mga karapatang ito.

Sa pamamagitan naman ng isang talumpati sa konseho, ipinahayag ni Konsehal Bet sa kanyang mga kasamahan sa munisipyo ang kanyang paninindigan sa iba't-ibang mga usapin, katulad na lamang ng repormang agraryo at karapatang pantao. Nakakuha naman siya ng suporta sa iba pang mga konsehal para sa mga nasabing isyu. Dahil sa kanyang aktibong pagdadala ng mga isyung ito sa konseho, may mga pagkakataong napipigilan niya ang mga hakbangin na laban sa mamamayan tulad ng mga demolisyon sa komunidad ng mga maralita.

## Kinahinantnan sa Personal na Antas

Nasisiyahan ang mga lider kung paano nila nagawa ang kanilang mga tungkulin bilang halal na opisyal ng pamahalaan kahit sa harap ng maraming hamon. Sinabi nilang hindi ito madali, lalo na at karamihan sa kanila ay ito pa lamang ang unang sabak bilang opisyal ng pamahalaan. Kinakailangan nilang pag-aralan ang pagiging kinatawan sa Kongreso, konsehal ng munisipyo, at kapitan at kagawad ng barangay, lalo na ang proseso ng pagpapanukala ng batas, mga ordinansa ng barangay at munisipyo at mga resolusyon.

Hindi rin sila nakaligtas sa patuloy na pagbansag sa kanila bilang mga aktibista. Palagian silang nakakatunggali ng iba pang mga miyembro ng lokal na konseho, lalo na kapag ang mga diskusyon ay napupunta sa mga mahahalaga at mabibigat na usapin katulad ng repormang agraryo at paglalaan ng mga pondo. Ngunit ang mga prinsipyong kanilang tinanganan bilang mga lider ng mga samahan ang patuloy na gumagabay sa pagtupad nila sa kanilang mga tungkulin. Alam nilang ang kanilang tungkulin ay mapagpakumbabang pagsilbihan ang mga mamamayan. Walang puwang sa kanilang kaisipan ang paglaki ng ulo o kaya naman ay maging sakim sa kapangyarihan at salapi dahil labag ito sa kanilang mga pinaninindigang prinsipyo. Dahil dito, maraming mga katulad nilang nasa puwesto ang nakikipag-alyansa at nakikipagtulungan sa kanila.

Ayon kay Konsehal Bet at Nanay Miriam nagkaroon sila ng regular na kita nang mapasok sila sa gobyerno. Ibinabahagi ni Nanay Miriam ang kanyang kita sa iba pang kasapi ng samahan. May mga pagkakataong siya ang gumagastos kapag sinasamahan niya ang mga tao sa pagpunta sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno upang ipaalam ang kanilang mga karaingan. Kahit ngayong hindi na kagawad si Nanay Miriam, patuloy pa rin siyang pinupuntahan ng kanyang mga kabarangay upang hingan ng tulong. Bukas naman ang kanyang pagtulong at pag-ambag ng kaalaman sa kanilang mga karaingan.

Maganda ding itala na wala ni isa sa kanila ang nagpayaman o nagkamal ng yaman habang sila ay nakaupo sa pamahalaan. Si Ka Paeng ay nanatiling nasa listahan ng 10 mahihirap na kinatawan ng Kongreso sa loob ng siyam na taong panunungkulan. Para sa mga lokal na opisyal, kung wala sila sa mga munisipyo o barangay, sila ay nasa kanilang mga sakahan at nagsasaka. Hindi nila tinalikuran ang kanilang dating mga kabuhayan. Ayon pa kay Ka Paeng, kapag wala siyang masyadong ginagawa, pumupunta pa rin siya sa kanilang maliit na sakahan sa Nueva Ecija. Ibinahagi naman ni Nanay Miriam na kung wala siya sa barangay hall o kaya sa kanyang maliit na sakahan, siya ay naroon sa kanilang sityo at nakikipagtalakayan sa kanyang mga kabarangay at ibinabahagi ang kanyang kaalaman at panukala para higit pang paunlarin ang kanilang barangay.

Patuloy silang nakalapat sa katotohanan ng buhay dahil patuloy silang nakikipag-ugnayan at nakikipag-usap sa kani-kaniyang mga samahan. Alam din nila na malaki ang inaasahan sa kanila ng mga kasapi. Ito ang patuloy na nagpapaalala sa kanila na kaya sila nasa puwesto ay upang pagsilbihan ang mamamayang nagluklok sa kanila at hindi upang magkamal ng kayamanan.

Nauunawaan din ng mga lider na ito ang masamang epekto ng korupsiyon na nangyayari sa pamahalaan. Kung sila ay nasa posisyon dahil lamang sa personal na interes, malamang ay matagal na silang nilamon ng sistema. Ngunit mayroon silang paninindigan at tungkulin na magsilbi ng tapat sa mga taong naghalal sa kanila at sa samahang nagbigay ng tiwala sa kanilang kakayahan. Hindi nila pinutol ang ugnayan nila sa kani-kaniyang mga samahan at sa masa na patuloy na gumagabay sa kanilang mga pagkilos.

Sa kabilang banda, mayroon ding mga hindi inaasahang epekto bilang halal na opisyal ng pamahalaan. Naobserbahan ni Konsehal Bet na mula nang mahalal siya sa puwesto, marami na ang lumalapit sa kanya upang humingi ng donasyon para sa iba't ibang gawain katulad ng mga palaro sa bayan. Ayon sa kanya, *"Maraming sobre akong natatanggap, naghihingi ng donasyon."* Dumami naman ang lumalapit kay Nanay Miriam upang gawin siyang ninang sa kasal mula nang siya ay maging kagawad. Kinakailangan din niyang pumunta sa mga kasiyahan tulad ng mga kaarawan. Higit sa lahat, ang bansag sa kanya bilang maka-kaliwa ay nakaapekto sa kanyang pamilya. Inamin niyang pinaghihinaan siya ng loob, ngunit naisip niya na, *"Kapag pumasok ka sa pulitika, dapat ay bukas ka sa anumang bagay na maaring mangyari at dapat ay matatag na matatag ang iyong kalooban".*

Maraming hamon ang kinakaharap ng mga nahahalal sa pambansang antas. Ibinahagi ni Ka Paeng ang kanyang pananaw sa kanyang kasalukuyang tungkulin: *"Hindi pa rin naman tinitingnan na mapapalitan ng elektoral na pakikibaka ang kabuuan ng pakikibakang masa para sa pagbabago. Isang dagdag lamang ito na arena kung saan naipapatampok natin sa mas malawak na bilang ng mamamayan kasama na ang mga nasa pamahalaan maging ng mga burgesya kumprador at naghaharing uri sa loob ng kongreso ang isyu at usapin ng masang anakpawis".*

## Mga aral para sa Pag-oorganisa ng Pamayanan at Pagpapaunladng Pamayanan

Ipinakita ng mga case studies na ang paglahok ng mga lider magsasaka sa istruktura ng pamamahala sa lokal at pambansang antas ay maaaring makatulong sa mga pamayanan

at sa mga samahan sa pagsusulong ng adyendang pangkaularan ng kanilang sektor. Nagbigay ng sumusunod na mga aral ang mga kasong naiprisinta lalo na sa tungkulin ng mga lider.

**1. Una sa lahat ang kapakanan at interes ng mamamayan**
Ipinakita ng mga lider na kahit opisyal na sila ng pamahalaan, una pa rin sa kanila ang interes ng mamamayan. Nagpanukala sila ng mga programa na mag-aahon sa mga mamamayan mula sa kahirapan at tapat ang pagbibigay ng mga batayang serbisyong panlipunan at pang-imprastraktura. Malinaw sa kanila na ang kanilang pangunahing tungkulin ay isulong ang adyendang pangkaunlaran para sa mga inaaping sektor sa lahat ng pagkakataon at palawakin ang mga taga-suporta at alyado sa kabila ng mga tunggaliang kanilang kinakaharap. Hindi sila kaagad napapayuko kahit pa sa mga ginagawang karahasan ng ibang miyembro ng lokal na konseho o maging mga kinatawan man iyan sa Kongreso. May kakayahan silang makipagdebate at ipaglaban ang mga usapin at karaingan ng kanilang sektor.

**2. Ang mga organisasyon ay mahusay na naghuhubog at nagsasanay ng mga susunod na pinuno ng pamahalaan.**
Sa karanasan ng mga lider, sa kani-kaniyang samahan nila natututunan ang iba't ibang kasanayan sa pag-oorganisa ng pamayanan, edukasyong pampamayanan, mga adbokasiya, negosasyon, pagbubuo ng alyansa, paggawa at pamamahala ng mga proyekto at programa na mahalaga kapag sila ay halal na opisyal ng pamahalaan.

**3. Tunay na paglilingkod sa bayan.**
Praktikal ang mga lider nang mahalal sila sa pamahalaan. Alam nilang hindi ito ang paraan upang masolusyunan ang daang-taong problema ng mga magsasaka sa lupa at ang matagal ng problema sa kahirapan. Ni hindi sila nakatanggap ng mga pormal na pag-aaral kung paano ba mamalakad sa pamahalaan. Ang tanging alam nila ay kung ano ang interes ng mga mamamayan at kung paano sila mapaglilingkuran. Tangan nila ang kaalaman, kakayahan at aktitud na natutunan nila mula sa karanasan nila bilang mga miyembro at pinuno ng kani-kaniyang samahan na buong puso at tapat na paglilingkod sa bayan.

**4. Huwag talikuran ng mga lider ang ugnayan sa masa at samahan.**
Isang rekisito upang maging mabisang pinuno ay ang mahigpit na ugnayan ng mga samahan sa mga nahalal na lider sa pamahalaan. Ang mga samahan ang magsisilbing tagabantay ng mga lider lalo na sa mga isyu at adyendang kanilang patatampukin. Ang mga lider ay kinakailangang palagiang dumadalo sa mga pangkalahatang asembleya o pagpupulong ng samahan upang magbigay ng mga mensahe ng pakikiisa at inspirasyon at magbigay ng ulat sa kanyang mga nagagawa habang nasa katungkulan. Ito din ang pagkakataon upang magkunsulta hinggil sa mga panukalang resolusyon at batas na maaaring ihapag sa konseho at kongreso.

**5. Maingat na pagpili sa mga lider na papasok sa eleksyong pampamahalaan.**
Kinakailangang maingat sa pagpili ng mga lider na ipapasok nila sa pamahalaan. Hindi lahat ng mga kasapi ay maaaring tumakbo sa mga puwestong pangpamahalaan. Ang mga lider na kasama sa case study ay mahaba ang karanasan sa pagsulong ng kapakanan at interes ng kanilang sektor, malawak ang kakayahan at kaalaman sa pag-oorganisa at negosasyon, sumama at pinangunahan ang iba't ibang mga pagkilos sa mga isyung pang magsasaka, at kinakailangang tangan ang tamang aktitud para sa bagong tungkuling gagampanan. Kung kaya naman, kahit alam ng mga samahang ito na ang elektoral na pakikibaka ay isang larangan maaari nilang pasukin, kinakailangan pa rin ng maayos at maingat na pagtangan dito.

**6. Gawaing alyansa upang suportahan ang laban ng mamamayan.**
Hindi man nakuha ng mga lider ang pagtitiwala ng lahat ng mga miyembro ng mga lokal na konseho at maging sa Mababang Kapulungan ng Kongreso, nagawa pa rin nilang makipag-alyansa sa mga ibang miyembro ng mga kapulungan upang sumuporta sa laban ng mamamayan gamit ang kanilang kaalaman at karanasan sa gawaing alyansa.

## MGA SANGGUNIAN

1987 Constitution of the Republic of the Philippines.

1991 Local Government Code.

Partylist ng masa Anak Pawis. Anakpawis partylist. Web. March 5, 2012.

Banzuela, Socrates. "The Sumilao Farmers' Walk for Land and Justice." First Asia Pacific Regional Conference on Community Development: Community Development as an Academic Discipline and Profession. Quezon City: UP CSWCD, 2010. Print.

Batario, Red, Girlie Sevilla-Alvarez, and Connie Perfecto. (Eds.). Reclaiming Public Life Through Local SpecialBodies, A Sourcebook on Enhancing Participation in Governance. Philippines: Philippines-Canada Local Government Support Program, 2004. Print.

Bayan Muna. Bayan Muna. Web. February 1, 2012.

Center for Community Services (CCS). Trekking the path towards autonomy: Experiences in building people's organizations. Quezon City: CCS, 1994. Print.

Center for People Empowerment in Governance (CenPEG). Oligarchic Politics:
Election and the Party-List System in the Philippines. Quezon City: CenPEG Publications, 2007. Print.

Ferrer, Oscar. “Community Governance, Understanding Community Processes and Initiatives, Four Case Studies on Local Initiatives in Public Administration & Governance.” Diss. University of the Philippines, 2006. Print.

Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. KMP. Web. March 6, 2012.

Luna, Emmanuel, Osacr Ferrer, Ma. Corazon Tan, Lenore Dela Cruz, Aleli Bawagan, Thelma Magcuro, and Amaryllis Torres. Community Development Praxis in Philippine Setting. Quezon City: UP CSWCD, OVCRD, 2009. Print.

Manalili, Angelito. Pag-oorganisa ng Pamayanan: Tungo sa Kaunlarang Mula sa Pilipino, Para sa Pilipino. Manila: KKFI, 1984. Print.

Razon-Abad, Henedina. (1996). “Politics of Coalition-building for Democratic Reform: A Philippine Experience.” Cultural Survival Quarterly. n.pag. Web. 20 January 2012. < http://www.culturalsurvival.org/ourpublications/csq/article/politics-coalition-building-democratic-reform-a-philippine-experience>

Vallejos, Celeste and Reginald Vallejos. “Ragasa ng BUFFALO: Kwento at Pakikibaka ng Bukidnon Free Farmers and Agricultural Laborers Association.” First Asia Pacific Regional Conference on Community Development: Community Development as an Academic Discipline and Profession. Quezon City: UP CSWCD, 2010. Print.

* * *

* Ang pananaliksik na ito ay pinondohan ng University of the Philippines Office of the Vice-President for Academic Affairs. Ang grupo sa pananaliksik ay binubuo ng mga sumusunod: **Ana Angela Cayabyab,** mag-aaral ng MA Women and Development Studies UP-CSWCD; **Devralin Lagos,** dating guro sa College of Human Ecology, UP Los Baños; **Celeste Vallejos**, nagtatrabaho sa Research and Extension for Development Office (REDO/CSWCD); **Reginald Vallejos,** kasalukuyang nagtuturo sa College of Arts and Sciences, UP Manila; at **Victor Obedicen at Aleli Bawagan**, kasalukuyang nagtuturo sa CSWCD Department of Community Development.